# SIKOLOHIYANG PILIPINO SA UGNAYAN NG PAHINUNGOD: PAKIKIPAGKAPWA AT PAGBABANGONG-DANGAL NG MGA PILIPINO

ni Grace H. Aguiling-Dalisay

## Panimula

Bandang dulo ng Ikalawang Semestre ng Taong Akademiko 1996-1997 nang una akong kausapin ni Ledivina V. Carino (SLN), Tagapagtatag na Direktor ng Ugnayan ng Pahinungod System, tungkol sa pagiging Direktor niya sa Pahinungod- Diliman. Mahigit dalawang taon na akong boluntir noon ng *Peer Counseling Program Advisory Group* ng Pahinungod System. Gayumpaman, hindi ako inihanda nito sa paanyayang palawakin ang aking gawaing Pahinungod sa pamamagitan ng pangangasiwa sa tanggapan ng mga Pahinungod.

Regular na fakulti na ako noon ng mga Gradwadong Programa sa Sikolohiya ng Pag-unlad at Sikolohiyang Pilipino ng Departamento ng Sikolohiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nasa pamunuan din ako noon ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino. Kaakibat ng mga posisyon na ito ang pagsasagawa ko ng pananaliksik at pagsasanay sa mga komunidad, batay sa perspektiba ng Sikolohiyang Pilipino.

Sa mga sumunod na pakikipagkwentuhan sa Tagapagtatag na Direktor ng Pahinungod System at ng Convenor ng Human Potential Facilitation Group ng Pahinungod System, Elizabeth R. Ventura, nakita ko ang Ugnayan ng Pahinungod bilang bukod tanging pagkakataon na maisabuhay at mapalago ang Sikolohiyang Pilipino. Napagtanto ko ang pagpapahalaga ng dalawang ito sa paglilingkod ng Unibersidad sa lipunang Pilipino, ang paggalang sa kapwa Pilipino, at ang pagbabangong-dangal ng nakararaming Pilipino mula sa pagmamaliit at pagsasawalang-bahala ng iilang may kapangyarihan sa bansa.

Opisyal akong itinalaga na Direktor ng Ugnayan ng Pahinungod Diliman noong Abril 1997.

## Layunin ng Papel

Bilang larangan ng akademikong disiplina man o isang asignatura, hindi sapat ang pagtatakay sa SP kung hindi nito sakop ang tatlong (3) aspeto: teorya, metodo, at gamit. Ito nga ang siyang pamagat ng unang aklat ng babasahin tungkol sa SP na inihanda para sa mga estudyante: "Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit" (Pe-Pua 1982). Ang huling kabanata ng aklat na ito ay pinamagatang "Gamit ng Sikolohiyang Pilipino: Paano at Para Kanino?" Kabilang dito ang mga artikulo tungkol sa pagsasaka at pagkakaingin, estilo ng pamamahala, relihiyon, patalastas, at edukasyon. Tinatayang kontribusyon sa pagpapalawak ng pag-unawa sa aplikasyon ng SP, partikular na sa larangan ng boluntarismo, ang kasalukuyang papel.

Tatalakayin ng papel na ito ang programang Ugnayan ng Pahinungod ng Unibersidad ng Pilipinas bilang pagsasapraktika ng Sikolohiyang Pilipino (SP). Ilalahad sa unang bahagi ng papel ang mga konsepto at pamamaraan ng SP ayon kay Virgilio G. Enriquez. Susundan ito ng pagsasalarawan sa Ugnayan ng Pahinungod batay sa misyon at layunin ng pagkatatag nito bilang programa ng boluntaryong paglilingkod ng Unibersidad.

Binatay ang artikulong ito sa pagsusuri ng mga naunang akda tungkol sa SP. Binigyan ng natatanging pansin ang konsepto ng Kapwa at ang paglalahad sa SP bilang Sikolohiyang Malaya at Mapagpalaya. Sa bahagi ng UP Pahinungod, sinuri ang mga dokumentasyon ng pagbabahangginan ng mga boluntir at mga taunang ulat ng programa. Ang paglalahad ay hango rin sa karanasan ng may-akda bilang dating Direktor ng Ugnayan ng Pahinungod Diliman (1997- 1999) at Direktor ng Ugnayan ng Pahinungod System (1998 - 2001).

## SIKOLOHIYANG PILIPINO

Ang Sikolohiyang Pilipino (SP) ay nakilala na bagong kamalayan sa Sikolohiya noong dekada sitenta sa pagpupunyagi ni Virgilio G. Enriquez, ang kinikilalang Ama ng Sikolohiyang Pilipino. Batay sa pagpapahalaga at pagsusuri ng wikang Filipino, iminungkahi ni Enriquez ang SP bilang larangang Sikolohikal ng pag-aaral ng diwa at karanasang Pilipino.

### Mga Unang Taon: Ang Pag-usbong ng SP sa Unibersidad ng Pilipinas

Mula sa sariling pagsasalaysay, unang pormal na tinukoy ni Enriquez ang SP sa isang papel na binasa niya para sa *Psychology Society* ng Unibersidad ng Pilipinas (UP) sa okasyon ng Linggo ng Sikolohiya noong 1974. Ginamit niya ang metapora ng "tao sa bahay" at "taong-bahay" upang ilahad ang pagkakaiba ng Sikolohiya sa Pilipinas (tao sa bahay) at Sikolohiyang Pilipino (taong-bahay). Ang una ay tumutukoy sa tao (o Sikolohiya) na maaring napadaan lamang sa kinalalagyan at walang pagpapahalaga o pag-unawa sa mga taga-roon; ang ikalawa ay tumutukoy sa tao (o Sikolohiya) na may kusang kinikilalang gampanin, malasakit, at paninindigan para sa mga naninirahan sa tahanan o may-ari ng bahay. Sa ganitong paghahambing, ipinakilala ang SP bilang pag-aaral ng teorya, pamamaraan,

at pagsasapraktika ng Sikolohiya batay sa kulturang Pilipino (Enriquez 1990).

Isang taon makaraan niyang basahin ang nasabing papel, inilatag ni Enriquez ang mga batayang kultural ng SP sa papel na inilathala sa General Education Journal noong 1975. Tinukoy niya ang anim (6) na batayan ng SP sa mga sumusunod na larangan at panahon: 1) Kinagisnang Sikolohiya tulad ng kaalaman mula sa mga babaylan at mga kuwentong-bayan mula sa panitikang Pilipino; 2) Pagpapahalaga sa Tao at Kanyang Diwa kasama ang Sikolohiya bilang akademikong disiplina; 3) Panahon sa Pagbabagong Isip na pinapahalagahan ang mga akda ng mga Pilipino tulad nila Jose Rizal at Antonio Luna; 4) Panahon ng Pagpapahalaga sa Kilos at Kakayahan ng Tao. Mababanaag ito sa pagtawag pansin ni Abraham Felipe, noong 1969, sa obligasyon ng mga sikolohista na harapin ang mga suliraning panlipunan; 5) Panahon ng Pagpapahalaga sa Suliranin ng Lipunan. Panahon ito ng pagpapatuloy at pagpapaigting ni Estefania Aldaba-Lim ng pagkilos upang bumaba sa Toreng Garing ang mga sikolohista; at 6) Batayan sa Wika, Kultura at Pananaw ng Tao. Panahon na nagbigay ng partikular na pagdiin ang kahalagahan ng mga wikang Pilipino sa pag-unawa ng diwa, kamalayan, ulirat, kaluluwa o asal ng mga Pilipino. (Enriquez 1975)

Noong 1976, sa Ulat ng Unang Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino, hinimay ni Enriquez kung ano ang iba't ibang uri ng konsepto sa SP. Ang mga konsepto ay iniantas ayon sa lapit sa karanasang Pilipino. Ang pinakamalapit ay tinawag na mga katutubong konsepto, at ang lapit sa mga Impluwensiyang Ligaw na sinasalamain ng mga banyagang konsepto. Iniantas rin ang mga paksa ayon sa pagiging mas malapit nito sa pagkapartikular/kultura o pagka-unibersal/henetika. Gayumpaman, nagpaalala si Enriquez na hindi dapat kumiling sa partikular o unibersal ang mga Sikolohista, bagkus ay kailangang suriin kung ano ang angkop at nararapat.

Taliwas sa akala na may pangkalahatang pagkontra ang SP sa mga kaalaman mula sa ibang bansa, sinuma ni Enriquez ang kanyang mga mungkahi: “Gamitin ang mga magagamit mula sa ibang bansa at iwaksi ang hindi.” Iginiit niya ang kahalagahan ng mga sumusunod: 1) pagsuri kung angkop ang isang teorya sa lipunang Pilipino bago ito gamitin, 2) pagkakaroon ng orihinal na pananaliksik sa halip ng bulag na pagsunod sa kalakaran sa ibang bansa; 3) pagkakaisa at komunikasyon ng mga mananaliksik sa kabuuan ng Pilipinas; at 4) palakasin ang pagtitiwala at paggalang sa sarili ng mga Pilipino.

## Paglagom, Pagsuri, at Pagpapatatag ng SP

Sa mga sumusunod na taon hanggang sa kanyang maaga at hindi inaasahang pagpanaw noong Agosto 1994, sininop at pinayaman ni Enriquez ang Sikolohiyang Pilipino bilang akademikong larangan ng pag-aaral, perspektibang teoretikal, at mapagpalayang kilusan.

Tatalakayin sa sunod na yugto ang dalawa sa mga mahahalaga at magkakawing na ambag ng SP sa Sikolohiya at Agham Panlipunan: ang Kapwa bilang sentrong pagpapahalaga sa pagkataong Pilipino at ang SP bilang malaya at mapagpalayang Sikolohiya.

## Ang Kapwa sa Maka-Pilipinong Pakikitunguhang Panlipunan

Binuo ang Iskala ng Mananaliksik at Iskala ng Pakikitunguhan ng Mananaliksik at Kalahok (IPMK) bilang tugon sa hamon ng maka-Pilipinong pananaliksik. Hinanay ng Iskala ng Mananaliksik ang mga pamamaraan ng pananaliksik batay sa araw-araw na interaksyon ng mga Pilipino. Isinaayos nito mula sa pinakasimple hanggang sa pinakamasalimuot: “Pagmamasid/ Pakikiramdam/ Pagtatanong-tanong/ Pagsubok/ Pagdalaw-dalaw/ Pagmamatyag/ Pagsubaybay/ Pakikialam/ Pakikilahok/ Pakikisangkot.” (Santiago at Enriquez 158)

Samantala, tinukoy ng ikalawang iskala ang pag-aantas ayon sa pagkakalapit ng kalooban ng kalahok at ng mananaliksik. Mula sa pinakamalayo hanggang sa pinakamagkalapit ng kalooban, ang mga ito ay:

Pakikitungo

Pakikisalamuha

Pakikilahok

Pakikibagay

Pakikisama

Pakikipagpalagayang-loob

Pakikisangkot

Pakikiisa.

(Santiago at Enriquez 158)

Ang pakikitungo ay binigyang kahulugan na “pagsunod sa atas ng mabuting asal ayon sa kaugalian sa pakikipagkapwa” at ang pakikiisa ay “mga kilos, loobin at salita ng isang taong nagpapahiwatig ng ganap at lubos na pagmamahal, pagkakaunawa, at pagtanggap sa minimithi bilang sariling mithiin din.” (Santiago at Enriquez 159)

Sinabi nitong mahalagang makaabot sa antas ng pakikipagpalagayang-loob upang maging makabuluhan ang interaksyon at makatiyak ang kalidad ng nakalap na impormasyon. Ang pakikipagpalagayang-loob ay tumutukoy sa “mga kilos, loobin, at salita ng isang tao na nagpapahiwatig na panatag ang kanyang kalooban sa kanyang kapwa. Hindi na nahihiya sa isa’t isa at halos ganap at walang pasubali ang pagtitiwala.” (Santiago at Enriquez 159)

Pinangkat sa dalawa (2) ang mga Antas ng Pakikipagtunguhan. Ang unang Kategorya ay ang “Ibang-Tao o ‘Outsider’ Category” na kinabibilangan ng mga antas mula Pakikitungo hanggang Pakikisama. Ang Ikalawang Kategorya naman ay binubuo ng mga antas mula Pakikipagpalagayang-loob hanggang

Pakikiisa; tinatawag itong "Hindi ibang-tao o 'One of Us' Category".

Bagama't sa konteksto ng pananaliksik inihain ang mga nabanggit na Iskala, masasabing ang antas ng pakikitunguhan ay angkop sa lahat ng larangan ng talastasang panlipunan sa pagitan ng Ibang-Tao at Hindi-Ibang-Tao. Halimbawa nito ay ang interaksyon ng kawanihan sa isang tanggapan, mga panauhin sa isang pagdiriwang, mga boluntir sa isang gawaing paglilingkod, o ng guro at mag-aaral sa isang paaralan.

Malawak ang sakop ng mga antas ng pakikitunguhan sa "Ibang-Tao" at "Hindi Ibang-Tao". Gayumpaman, may isang bukod tanging konseptong Pilipino na nagbubuklod sa nasabing dalawang kategorya. Ito ang KAPWA.

## Ang Kapwa sa Teorya ng Pagkataong Pilipino

Mahalaga ang wikang Filipino sa pag-unawa ng kahulugan at pagkakaiba-iba ng mga katutubong konsepto.

Kaiba sa literal na salin sa Ingles, ang Kapwa ay hindi nangangahulugan ng "iba" o "others". Bagkus, ang kapwa ay ang pagkakaisa ng sarili at iba:

> Bilang pananalig, ang pakikipagkapwa …ay may malalim na implikasyon. Nangangahulugan ito ng pagtanggap at pakikitungo sa ibang tao bilang kapantay. Maaring magkaiba ang papel, estado, at sahod ng Presidente at kawani ng kompanya nguni't tawag ng maayos na pakikitungong Pilipino na igalang nila ang isa't isa bilang kapwa-tao.
>
> Nangangahulugan ito (kapwa) ng pagpapahalaga sa dignidad at pagkatao ng iba… may moral na aspeto ito bilang pagpapahalaga at paninindigan…tiyak na salungat ito sa mga mapagsamantalang transaksyon… (Enriquez 45, aking salin)

Sa paglipas ng halos labing limang taong pananaliksik, pinanindigan ni Enriquez (1992) ang kalikasan ng Kapwa sa tahasang pagtanggi na ang Kapwa ay salin ng "SIR" o "Smooth Interpersonal Relations" na kadalasang nakakamit sa "pakikisama". Ipinaliwanag na mas tamang kilalanin ang Kapwa bilang "SIS" o "Shared Inner Self". Masasabing ang SIR ay tulak ng pag-iwas sa gusot, samantalang ang SIS ay bunga ng pinagkaisang pagpapahalaga sa kapwa-tao.

Sa malawak na pagsusuri, tinukoy ni Enriquez (1978 sa Navarro at Bolante 2007) ang Kapwa (*Shared Identity*) bilang pangunahing pagpapahalaga (*core value*) sa Estruktura ng Pagkilos at Pagpapahalaga ng mga Pilipino. Ito ay ang kinikilalang batayan ng "Pagkatao", naipapamalas bilang "Pagkamakatao" sa pamamagitan ng Kagandahang-loob (*Shared Inner Nobility*), at bilang "Pakikipagkapwa-tao" sa pamamagitan ng Pakiramdam (*Shared Humanity*).

Ang pakiramdam ay tumutukoy sa aktibong proseso ng maingat na pagmamatyag sa damdamin ng kapwa bago magsalita o kumilos. Pinapahalagahan nito ang kalooban ng tao. Dito nakasalalay ang pagpapasya kung nasa lugar ang mga bagay-bagay. Halimbawa nito ay kung magiging mabuti, o hindi, ang pagtanggap sa biro, lambing o tampo. Nakikita rin sa pakikiramdam ang panloob at panlabas na dimensyon ng damdamin kung saan ang "dama" ay tumutukoy sa panlabas na pakikitungo sa mga tao at ang "damdam" ay tumutukoy sa kalooban ng isang tao. Halimbawa, ang isang taong napapansing may sama o sakit ng loob ay maaring pakiusapang "Huwag na magdamdam."

Sa kabilang dako, ang kagandahang-loob ay naipapamalas sa pamamagitan ng panlabas na mabuting gawain na nagmumula sa panloob na kabaitan o busilak na puso ng isang tao. Ang pagmumudmod ng materyal na bagay ay maaring kilos sa panlabas na dimensyon lamang o "palabas" kung wala itong kaakibat na magandang layunin para sa pinagbibigyan. Masasabing maaarok ang pagkakaibang ito sa pamamagitan ng pakiramdam.

Ang kagandahang loob ay sosyo-personal na pagpapahalagang nag-uugnay sa Kapwa upang maging matagumpay ang pagpupunyagi para sa mga panlipunang pagpapahalaga na katarungan, kalayaan, at karangalan.

## Ang SP Bilang Malaya at Mapagpalayang Sikolohiya

Bilang kilusan, binibigyang diin ng SP ang mga sumusunod: 1) identidad at pambansang kamalayan ng mga Pilipino; 2) panlipunang kamulatan at pakikilahok kasunod ng tapat na pagsuri sa mga suliraning panlipunan; 3) pambansa at etnikong mga kultura at wika; at 4) batayan at pagpapairal ng kaalaman ng katutubong sikolohiya sa iba't ibang larangan ng buhay sa Pilipinas.

Pagkaraan ng ilang siglo ng pananakop at malawak na paglaganap ng Dambuhalang Hating Kultural, itinalaga ng SP ang tatlong (3) larangan ng protesta. Bilang Sikolohiyang Malaya, nilalabanan nito ang Sikolohiyang nagpapanatili ng kaisipang kolonyal, at kasabay na isinusulong ang Sikolohiya ng pagbabagong isip tungo sa pagbuo ng pambansang kaalaman. Ikalawa, nilalabanan nito ang pagpataw ng mga balangkas- kaisipan na hindi angkop sa Pilipinas. Sa halip, inihihilig nito ang Sikolohiya sa pagsasapraktika ng kaalaman tungo sa paglilingkod sa mga kapos-palad. Ikatlo, bilang Sikolohiyang Mapagpalaya, tinutuligsa nito ang paggamit sa Sikolohiya ng mga piling nakaka-angat na grupo at tao upang pagsamantalahan ang mga pangkaraniwang mamamayan.

Inilahad ni Enriquez ang mga yugto ng paninirang puri sa kulturang Pilipino sa kanyang aklat na "Pagbabangong-Dangal: Indigenous Psychology & Cultural Empowerment" (1994). Kasama rito ang

pagwawalangbahala at pagmamaliit sa anyong pisikal, batas, pananampalataya, laro, kaluluwa, musika, panitikan, sining, kaalaman, panggagamot, kakanyahan at pagpapahalaga ng mga Pilipino. Sa kabila nito, nagwakas ang kanyang aklat sa pagtukoy sa kapangyarihan at kakayahan ng mga Pilipino na mapanumbalik at mapayabong ang kulturang Pilipino.

Maalab ang kanyang panawagan at pag-asa na maisasabuhay ang pagbabagong nagmumula sa kalooban ng tao, kung kaya't hindi pagbabangong-puri (na panlabas) ang tugon, kung hindi pagbabagong-dangal (na panloob). Sa ganito, tunay na isa itong "Malaya at Mapagpalayang Sikolohiya na naglalayong magtatag ng tunay na unibersal na Sikolohiya na maglilingkod sa sangkatauhan, bukod-tangi sa mga Pilipino" (Enriquez 1994).

Sa pagbubuod, ang Sikolohiyang Pilipino ay larangan ng disiplina ng Sikolohiya na nagpapayabong ng kaalaman na mula sa mga pamamaraan ng agham at sining ng Sikolohiya na angkop sa kulturang Pilipino. May paninidigan ito para sa kapakanan at pagbabangong-dangal ng mga Pilipino. Hinahamon nito ang mga dalubhasa sa Sikolohiya at sa Agham Panlipunan na kumilos at isapraktika ang kanilang akademikong kaalaman para sa pag-angat ng kalagayan ng mga Pilipinong naisantabi ng lipunan at pamahalaan.

Sa kabuuan, masasabing isinusulong ng SP ang pantay at magalang na pakikipagkapwa sa lahat ng taong kahalubilo lalo na kung sa konteksto ito ng pananaliksik, programa, at proyekto. Binibigyang diin nito ang pagpapahalaga sa kulturang Pilipino at ang pananagutan sa lipunan ng bawat Pilipino. Iginigiit nito na hindi limitado ang kaalaman at karunungan sa loob ng Unibersidad. Dagdag pa rito, may responsibilidad ang Akademya na gamitin ang dunong at yaman nito upang mapalaya ang mga Pilipino sa mga paghihirap. Nilalayon nito ang pagbabangong-dangal sa pamamagitan ng pagtutulungan ng mga kapwa Pilipino.

Sa darating na 2014, dalawang dekada na mula ng sumakabilang-buhay si Enriquez. Sa nagdaang taon, masasabing yumayabong at lumalawak ang uri ng pananaliksik sa Sikolohiyang Pilipino. Isa na itong asignatura sa Sikolohiya na itinuturo sa gradwado at di-gradwadong antas sa iba pang mga pamantasan maliban sa UP. Nagbunga na rin ang kanyang mga akda ng mga pananaliksik na nagsusuri sa literatura sa SP (Pe-Pua at Protacio-Marcelino 2002; Mendoza 2007; at Clemente 2011). Patuloy ring itinataguyod ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, na itinatag rin ni Enriquez, ang taunang kumperensiya tungkol sa mga teorya, metodolohiya, etika, at pagsasapraktika ng SP.

## UGNAYAN NG PAHINUNGOD NG UNIBERSIDAD NG PILIPINAS

**HIMNO ng PAHINUNGOD**
(Alma at Cayabyab)

Tumindig ka, Anak ng Bayan
Pilipinas ay naghihintay
Ihandog mo ang puso't dunong

Sa pagsulong ng bansa't nayon
Ibukas mo ang pamantasan
Sa manigong sining at agham
Pakislapin ang pagtuturo
Sa saliksik at pagkukuro

Bigkasin mo ang mga diwa
Sa sarili't pambansang wika
Buhayin mo ang pagmamahal
Sa laya at kasaysayan

Itanghal mo ang Pilipino
May dangal at talinong tao
Naglilingkod sa taong bayan
Iginagalang sa daigdig

## Mga Unang Taon: Ang Pagbuo at Paglunsad ng Programa

Ang Ugnayan ng Pahinungod, na kinilala rin sa tawag ng Oblation Corps o UP Pahinungod, ay binuo bilang institusyunal na programa ng boluntaryong paglilingkod ng Unibersidad ng Pilipinas noong Setyembre 1993. Pormal itong inilunsad ni Pangulong Emil Q. Javier noong Pebrero 1994 sa pamamahala ni Ledivina V. Carino bilang Tagapagtatag na Direktor ng UP System.

Sa paglalahad ni Javier (Acosta, P.S., Baccay, A.D., Jemena, F.M., Morales, A.L., Reantaso, M.J., Suarez, R.N. 2003), isinilang ang ideya ng UP Pahinungod kasunod ng bumanderang tanong sa isang tanyag na pambansang pahayagan. Hindi pinangalanan ang pahayagan ngunit iniulat ang tanong sa pahayagan kung "Nawalan na ba ng kaluluwa ang UP?" Inilathala ito sa mga unang araw ng panunungkulan ni Javier bilang Pangulo ng Unibersidad. Agad niya itong hinarap sa pagpapanukala, noong ika-5 nang Setyembre 2003, na magkaroon ng "volunteer service corps" ang Unibersidad ng Pilipinas. Mula sa papel na inihanda kinabukusan ni Carino, na siyang noong "hold-over Vice-President for Public Affairs," nagkaroon ng malawakang kumperensiya noong 18 Disyembre 1993 upang pag-usapan ang boluntarismo sa Unibersidad. Sa unang bahagi ng Enero 1994, itinatag ni Javier ang "President's Commission on Volunteer Service (PCVS) upang magrekomenda sa Pangulo at Lupon ng mga Rehente ng mga patakaran at palakad tungkol sa boluntarismo."

Ang paghahanap ng salitang Filipino para sa "boluntir" at programang pang-boluntaryo ay nagwakas nang iminungkahi ng isang alkalde ng Surigao ang salitang "Pahinungod". Pinili ito dahil sa pakahulugang-gamit nito na "pag-alay ng sarili", na siya ring pagkuluhugan ng Oblation na sagisag ng Unibersidad.

Pagkaraan ng higit sa limang (5) buwan lamang mula nang ipanukala ni Javier ang pagkakaroon ng programang pang-boluntaryo sa UP, pormal na inilunsad ang Ugnayan ng Pahinungod/Oblation Corps noong 28 Pebrero 1994. Ito ang unang programa ni Javier bilang Pangulo ng Unibersidad ng Pilipinas.

Inihayag nang ganito ang misyon at layuninng Programang Pahinungod:

> Layunin ng Ugnayan ng Pahinungod na gawing higit na mapagkalingang akademikong komunidad ang Unibersidad na binubuklod ng paninindigan para sa sariling kapangyarihan ng mga tao at walang pag-iimbot na paglingkod sa bayan.” (Aguiling-Dalisay, G., Chan, C., at Gonzales 1)
>
> Kasama sa mga layunin ng UP Pahinungod ang: “kanyang pagtaya sa kapakanan at pag-unlad ng mga hindi napaglilingkuran sa lipunan. Binibigyan nito ang mga fakulti, mag-aaral, alumni, kawani, at kahit mga retirado ng sari-saring pagkakataon para sa serbisyong boluntaryo. Sinusulong ng UP Pahinungod ang gawaing boluntarismo upang:
>
> - Maibahagi sa lipunan kung anuman ang nasuri at natuklasan ng Unibersidad;
> - Pagyamanin ang pagtuturo at pananaliksik sa pamamagitan ng mga kaalaman tungkol sa mga kondisyon at pangangailangan sa lipunan,na mula sa mga tao mismo;
> - Palaganapin ang mga kilos at paninindigan na pinapahalagahan nglipunan tulad sa: karangalan, panlipunang katarungan, pagmamahal sa bayan, at paggalang sa lahat ng nilalang;
> - Paghubog ng ugali at pagpapaunlad ng edukasyong-pagpapahalaga;
> - Pagtaguyod sa pag-aaral ng boluntarismo at mga kaugnay na paksa bilang sakop ng pagkadalubhasa at pagtuturo.” (Carino, L. at Aguiling-Dalisay, G. 5)

Noong inilunsad ang Ugnayan ng Pahinungod, iniulat na 300 boluntir ang nagpahayag ng interes na makilahok sa programa. Sa pagtatapos ng kanyang paglilingkod bilang Pangulo ng Unibersidad ng Pilipinas noong 1999, iniulat ni Emil Q. Javier na mahigit 6,000 boluntir mula sa iba’t ibang sektor ng UP ang naitalang nagpahinungod.

## Sakop at Lawak ng Programa ng Ugnayan ng Pahinungod

Itinatag ang UP Pahinungod sa ilalim ng Tanggapan ng UP System na tuwirang nag-uulat sa Pangulo ng Unibersidad. Pinamahalaan ito ng UP Pahinungod System Direktor sa pakikipag-ugnayan sa mga Direktor ng UP Pahinungod sa bawat isa sa limang (5) “autonomous unit”(AU) ng UP System: UP Diliman, UP Los Baños, UP Manila, UP Visayas, at UP Mindanao.

Malaki ang naitulong ng nasabing estruktura upang mabigyan ng dagliang atensyon ang mga pangangailangan at panukala ng UP Pahinungod. Isa sa pinakamatimbang na paraan ng pagpapakita ng Pangulo ng kanyang suporta sa Pahinungod ay ang pagtiyak na nagkakaisa siya at ang mga Tsanselor sa pag-unawa at pagsulong ng UP Pahinungod. Bukod sa suporta sa mga usaping administratibo, isang matingkad na palantandaan ng suporta ng Pangulo at mga Tsanselor ay ang paglaan nila ng panahon para dumalo sa mga seremonya ng pagtatalaga at pagkilala ng mga Pahinungod, sa programa ng Pahinungod System at ng mga Pahinungod AU.

Kung papeles ang pagbabatayan, hindi sakop ng Pahinungod System ang mga Pahinungod AU. Sa kabila nito, naging magaan sa loobang pagtawag ng Direktor ng System ng mga pulong at pagdalo dito ng mga Direktor ng AU. Bukod sa malinaw na suporta ng admnistrasyon, masasabing malaking bagay ang pakikipalagayang-loob ng mga Direktor ng Pahinungod tungo sa mahusay at mabilis na paggampan ng trabaho sa iba’t ibang programa ng Ugnayan ng Pahinungod. Bagama’t nagsimula sila bilang Ibang-Tao, unti-unti silang napalapit sa isa’t isa dahil sa mahabang panahon na iginugol sa pagpapalalim ng ambag sa mga gawaing iisa ang layunin.

Nasasalamin sa kalakaran ng Pahinungod System ang pantay-pantay na pagtingin sa kakayahan ng bawat Pahinungod AU. Bagama’t nasa iisang kampus ang mga tanggapan ng Pahinungod System at Diliman, hindi ipinalagay na sa Pahinungod Diliman unang magmumula ang mga panukala at pagkilos; o na ang programa ng Pahinungod Diliman ang siyang magiging batayan ng programa sa Pahinungod Manila, Los Baños, Visayas, o Mindanao.

Ang ganitong pagkakapantay-pantay ay pinairal sa bawat Pahinungod AU, at sa pakikipag-ugnayan ng mga Pahinungod at mga katuwang sa komunidad. Boluntir man o kawani, dumaan ang mga Pahinungod sa mga pagsasanay tungkol sa paggalang sa kapwa at pagpapahalaga sa nakikilahok na lapit ng paglilingkod sa komunidad.

Sa usapin ng tema ng programa, kinilala ang magkakaibang ambag-dalubhasa ng bawat AU, gayundin ang mga magkakatulad na lakas nito sa kabuuan ng UP System. Bilang halimbawa nitong huli, bumuo ng kani-kaniyang programa sa Kapaligiran ang mga Pahinungod AU. Sa Taunang Ulat ng Pahinungod System noong 2000, ilan sa mga iniulat na gawain ay ang: “ECOSCOUTS” ang UP Manila para sa mga mag-aaral sa elementarya; “Mt. Diwata Restoration Program” ng UP Mindanao kasama ang mga nainirahan sa mga lugar sa tabi ng Mt. Diwata; “Policy Advocay for the Conservation and Management of Fisheries , Aquatic and other Natural Resources” ng UP Visayas kasama ang mga mangingisda; “Marine and Bird Sanctuary Advocacy: Mga Isala ng Pandan at Emalagwan” ng UP Diliman sa pakikipagtulungan sa mga naninirahan sa Cuyo, Palawan; at ang “Pahinugnod Azolla” ng UP Los

Baños sa pakikipagtulungan ng mga magsasaka sa Sta. Fe, Nueva Viscaya at Guinobatan, Albay.

May kani-kaniyang programa ang mga AU na batay na rin sa mga pangunahin nilang disiplina. Halimbawa nito ay ang Farmer-Scientist Training Program ng UP Los Baños, at ang mga programang Health Missions at Hospice Care ng UP Manila. Tinayang may 42 na programang pang-boluntir sa kabuuan ng mga AU ng UP System.

Maliban sa kani-kaniyang programa ng bawat Pahinungod AU, pinamahalaan naman ng Pahinungod System ang humigit-kumulang sampung (10) programa na bukas sa mga boluntir mula sa iba't ibang AU ng Unibersidad. Pinakatampok na marahil dito ang programang Gurong Pahinungod (GP), sa pagtataguyod ng Departamento ng Edukasyon ng Pilipinas, kung saan ipinadala ang mga GP sa mataas na paaralan sa mga liblib na pook sa bansa.

## Pagtugon ng UP Pahinungod sa Tawag ng Bayan

Muling inilagom ang mga layunin ng Ugnayan ng Pahinungod sa Ulat ng Pangulo ng UP sa Pagtatapos ng Kanyang Panunungkulan (1999) at sa huling Taunang Ulat ng UP System (2000). Kabilang dito ang pagsulong ng panlipunang kamulatan sa Unibersidad, sapat na pagkilala ng mga taga-UP sa kanilang mga natututunan mula sa mga katuwang sa komunidad at kapwa-Pahinungod, at patuloy na pagtaguyod sa boluntaryong paglilingkod, sa mga nangangailangan at hindi napaglilingkuran, tungo sa ikabubuti ng nakararaming Pilipino.

Masasabing may anim (6) na pangkalahatang tema ang mga programang Pahinungod sa mga kampus ng UP. Sari-sari ito dahil: 1) may iba't ibang suliraning panlipunan na kailangang tugunan at, 2) may iba't ibang katangian at kasanayan ang mga gustong mag-Paninungod. Nilayon nitong mabigyan ng pagkakataon ang lahat, anuman ang kanilang kalagayan o kahusayan, na maglingkod sa paraan at larangang angkop sa kanya. Kabilang sa mga programang ito ang mga sumusunod:

1. Programang Pang-Edukasyon: Layunin nitong i-angat ang kalidad ng edukasyon sa Pilipinas. Kasama dito ang mga programa para sa mga estudyante sa mababa at mataas na paaralan, at mga guro nila. May walong (8) programang nakapaloob dito na maaaring mula ilang oras (hal. Pagsasanay sa Karapatang Pantao) hanggang isang taon (hal. Gurong Pahinungod) ang tagal ng paglilingkod bilang Pahinungod.
2. Programang Pangkalusugan: Layunin nitong tugunan ang mga pangangailangang pangkalusugan ng mga walang kakayahang magpagamot o mag-alaga sa sariling kalusugan. Kasama dito ang mga programa (tulad ng Sports Science and Wellness, at mga Health Missions) para sa pagbuo ng higit na malusog na mga pamilya at mamamayan.
3. Programang Pang-Agrikultura: Sa pakikipag-ugnayan sa Departamento ng Agrikultura, tinugunan nito ang tawag mula sa mga Agrarian Reform Communities para sa suportang teknikal. Pangunahing gawain din dito ang pagturo ng mga makabagong paraan sa pagsasaka at pag-alaga ng hayop, pamamahala sa mga techno-demo farms, at pagtayo

ng imprastruktura para dito.

4. Programang Pangkapaligiran: Layunin ng programang ito na pagtigil ng pagsira ng kalikasan. Ang ilan sa programa dito ay ang pag-organisa ng mga mangingisda, pag-ingat sa mga ibon at mangrove, at paghanda sa mga taong nasalanta ng mga sakuna.

5. Programang Pangkomunidad at Panlipunang Kapakanan: Layuning nitong tulungan ang mga kapos sa buhay sa kanilang araw-araw ng pamumuhay at pangmatagalang pag-unlad. Pangunahing katuwang ng Ugnayan ng Pahinungod dito ang DSWD. Kalimitang mga ilang oras lamang ang hinihingi sa mga boluntir (hal. sa mga nagtuturo sa mga bata sa kalsada) maliban sa mga Pahinungod sa programang pang-komunidad kung saan naninirahan ang mga boluntir sa komunidad ng anim (6) na buwan hanggang sa isang (1) taon.

   Kabilang din dito ang mga programa ng pagsagip sa mga batang naipit sa armadong tunggalian at ang pagbigay ng mga siko-sosyal na pagproproseso sa mga batang maaring iniwan ng mga magulang or may suliranin sa batas.

6. Programa ng Natatanging Proyekto: Nagsasanib pwersa rin ang mga fakulti, kawani, retirido at mag-aaral sa pagtugon sa mga biglaang pangangailangan sa loob o labas ng UP. Halimbawa nito ang pagturo ng mga paraan ng pag-iwas sa karahasan. Isa ring proyekto dito ay ang paglathala ng aklat tungkol sa buhay-Pahinungod, at ng lokal na kasaysayan ng isang komunidad.

Sa pangkalahatan, nakikipagtulungan ang UP Pahinungod sa mga indibidwal, tanggapan ng pamahalaan, pribadong institusyon, Non-Government/Civil Society Organizations, at mga paaralan/ Unibersidad upang mai-angat ang kalidad ng buhay ng mga nangangailangan. Marubdob na layunin nito ang nagkakaisang paglingkod sa kapwa ng mga taga-UP sa pamamagitan ng boluntarismo.

## PAKIKIPAGKAPWA AT PAGBABANGONG-DANGALSA SIKOLOHIYANG PILIPINO AT UGNAYANG PAHINUNGOD

### *PAGPAPAHINUNGOD AT PAKIKIPAGKAPWA*

Ano nga ba ang nag-uudyok sa mga tao na magboluntaryo? Magpahinungod? Sa isa sa mga unang pormal na pag-aaral sa boluntarismo at gawaing-pilantropo sa Pilipinas, tinukoy na batayan nito ang pakikipagkapwa, pagtutulungan at kawanggawa (Fernan 2002).

Sinusugan ito ni Beasca (2004) sa pagkilala sa iba't ibang anyo ng pagpapamalas ng pakikipagkapwa kaugnay ng boluntarismo. Isinagawa niya ang pagsuring ito ng sistema ng boluntarismo sa Pilipinas sa pagtataguyod ng United Nations Development Programme, United Nations Volunteers at German Development Service. Binigyan niya ng natatanging pansin ang Ugnayan ng Pahinungod bilang "nakaka-angat na halimbawa ng programang-boluntarismo sa akademikong institusyon dala ng

lawak ng institusyonal na sakop at uri ng mga paraan ng pagtugon sa kinakailangan, pagpapalago ng ugnayan ng mga katuwang na organisasyon, dami ng mga kalahok na taga-UP, at pagkilos sa usapin ng pananalapi." (aking salin)

Sa kanyang pag-aaral ng mga nagtratrabaho sa NGO, tinukoy ni Vidal (1996) ang pagpapahalaga sa kapwa bilang isa sa matimbang na pangganyak sa kanilang pagboboluntaryo. Iniuugnay rin ni Magno (1996) ang pagpapahalaga ng kulturang Pilipino sa kapwa at ng kagustuhan ng mga Pilipino maglingkod bilang United Nations Volunteers.

Ipinagtibay naman ng isang pag-aaral sa Sikolohiya ng Boluntarismo na "Extending the Self: Volunteering as Pakikipagkapwa" (Aguiling-Dalisay, Yacat, at Navarro 2004) na namumukod-tangi ang Kapwa bilang salik na naghihikayat sa paglilingkod ng mga boluntir. Sinuri ng aklatang labing tatlong publikasyon tungkol sa salaysay at pagninilay ng mga Pahinungod mula sa iba't ibang kampus ng UP. Para sa karamihan, ang pagkamulat nila sa kahirapan ng mga tao sa kanilang paligid ang humimok sa kanilang magpasya na maglingkod sa kapwa sa pamamagitan ng boluntarismo. Bilang taga-UP, binanggit na itinuturing nilang responsibilidad bilang Iskolar ng Bayan ang pagiging pahinungod.
Bahagi rin ng "Extending the Self" (Aguiling-Dalisay, Yacat, at Navarro 2004) ang mga ginabayang talakayan at pakikipagkwentuhang na isinagawa sa mga hindi boluntir at mga boluntir, edad 18 hanggang mahigit 60, sa limang probinsya ng Luzon, Bisayas at Mindanao. Hango sa datos, nakitang ang pagboboluntaryo kaugnay ng tatlong dimensiyon: "Kapwa, Kusa, at Kapalit ay hindi Hanggad" (147). Sa pagbubuod ng pag-aaral, sinabi nilang:

> Walang katuturan ang paglinkod kung hindi ito ginagawa para sa Kapwa. Mahalaga ang Kapwa sa pagkatao ng mga boluntir. Ang kakayahang makisalamuha at makiisang-loob sa Kapwa ay mahalagang katangian ng pagiging mabuting boluntir. Ang hangaring maglingkod sa Kapwa ang tinukoy na pangunahing salik sa pagsimulang mag boluntir, gayundin ng pananatili sa mga organisasyong kung saan sila nakapaloob bilang boluntir. (Aguiling-Dalisay,Yacat, at Navarro 147)

Sa kanilang pagpapahinungod, natutunan at naisabuhay ng mga boluntir ang kahalagahan ng kanilang Kapwa. Sa paglalahad nina Acosta, P.S., Baccay, A., Bonilla, C., De Pano, J., Jemena, F., Reantaso, M.J. Suarez, R.N. 2005), ibinahagi ang pagsaalang-alang ng mga boluntir sa kapanan ng kanilang kapwa; sa pagtuturo man o sa panggagamot. Makikita sa salaysay ni Talens (2005) ang pagsasawalangbahala sa matinding pagod ng mga boluntir sa Health Mission upang matugunan ang medikal na pangangailangan ng mga taga-Lagawe, Ifugao.

## PAGPAPAHINUNGOD AT PAGBABANGONG-DANGAL

May kapangyarihan ang bawat tao na baguhin ang kanyang kalagayan. Naninindigan ang Sikolohiyang Pilipino na na sa kamay ng mga Pilipino, sa pakikipagtulungan sa kapwa, ang paglaya mula sa mga panlipunang kaisipan at pagkilos na humahadlang sa pag-unlad. Nasasalamin ang ganitong pagpapahalaga sa kabuuan ng Ugnayan ng Pahinungod.

Magkakatulad ang mga programa ng Ugnayan ng Pahinungod sa magkakawing nilang misyon na: 1) matugunan ang pananagutan ng Unibersidad sa mga komunidad na napag-iwanan ng pag-unlad, at 2) hubugin ang mga mag-aaral at kasapi ng Unibersidad na maging mapagkalingang mga pinuno na kusang-loob na naglilingkod sa kapwa (Carino at Aguiling-Dalisay 51).

Mahabang oras ang ginugugol ng tanggapan ng Pahinungod sa pagsasanay at paggabay sa mga boluntir, gayundin sa pagdesenyo ng mga programang Pahinungod. Nais nitong tiyakin na angkop ang mga programang Pahinungod sa pangangailangan ng komunidad, at na may marapat na pagpapahalaga ang mga boluntir sa tinig, pananaw, at pasya ng mga katuwang sa komunidad. Isang halimbawa nito ang Programang Farmer-Scientist na itinaguyod na programa ng Pahinungod Los Baños noong 1995. Sa pagtatapos ng programa, inaasahang may siyentipikong kaalaman tungkol sa agrikultura ang mga kalahok na magsasaka, at na naibahagi nila ito sa ibang kapwa magsasaka na hindi kabilang sa programa.

Bagama't hindi tinukoy sa unang paglalahad ng SP ang boluntarismo, binigyan-diin nito ang kahalagahan ng pambansang kamalayan at pagsisikap upang ikarangal ng Pilipino sariling kultura. Masasabing ang paglilingkod ng mga Pahinungod ay paraan upang mai-angat ang kalidad ng buhay ng higit na nakararaming Pilipino. Layunin nito ang pagkamit ng karangalan, katarungan, at kalayaan para sa lahat.

**Pangwakas**. Sa ngayon, matatagpuan ang mga Tanggapan ng Ugnayan ng Pahinungod sa UP Los Baños at sa UP Manila. Mayroon ring *Office of Continuing Education and Pahinungod* (OCEP) sa UP Visayas. Patuloy nilang itinataguyod ang orihinal na misyon ng Ugnayan ng Pahinunog/Oblation Corps. Tulad ng kalakaran noong mga unang taon ng Ugnayan ng Pahinungod, hindi matatawaran ang ambag ng puso ng boluntir at ng kabuuang suporta ng Tsanselor sa matagumpay na pagsasakatuparan ng mga layunin nga Ugnayan ng Pahinungod sa naturang mga kampus.

Naglingkod ako bilang ikalawa at huling Direktor ng Pahinungod System mula 1999 hanggang sa isara ang Pahinungod System noong 2001. Bagama't dito nagtapos ang aking pormal na pagtatalaga sa Ugnayan ng Pahinungod, nagpatuloy ang aking pakikipag-ugnayan sa Ugnayan ng Pahinungod. Madalas sabihin sa mga pagtitipon ng mga Pahinungod na "Minsang Pahinungod, Laging Pahinungod." Dinala ako ng aking karanasan sa Ugnayan ng Pahinungod sa higit pang malawak na larangan ng boluntarismo sa Pilipinas, at sa labas nito. Nakita kong bagama't hindi nilayon ng Ugnayan ng Pahinungod maging tanyag, tampok ang modelong ito sa mundo ng boluntaryong paglilingkod na pampubliko. Batay ito sa mga hiling na lektyur tungkol sa Pahinungod at paanyayang lumahok ang Pahinungod sa mga pag-aaral tungkol sa boluntarismo sa Pilipinas.

Sa 2014, ilang buwan mula ngayon, gugunitain ang ika-20 anibersaryo ng pagyao ng Ama ng Sikolohiyang Pilipino na si Virgilio G. Enriquez, at ang ika-20 anibersaryo ng paglunsad ni Emil Q. Javier ng Ugnayan ng Pahinungod sa pamamahala ni Ledivina V. Carino. Isang dekada na rin, sa 2014, mula nang inilathala ang aming aklat tungkol sa boluntarismo bilang pakikipagkapwa. Binuo ang nasabing pananaliksik mula sa perspektiba ng Sikolohiyang Pilipino at pinamahalaan sa diwa ng Pahinungod.

Sa harap ng mga hamon, malaking bagay ang may mga katuwang sa Unibersidad na nagpapahalaga sa Ugnayan ng Pahinungod at Sikolohiyang Pilipino bilang paksa ng akademikong pag-aaral at paraan ng pamumuhay.

# MGA SANGGUNIAN

Acosta, P.S., A.D., Baccay, F.M., Jemena, AL., Morales, M.J., Reantaso, at R.N., Suarez. ( Mga Patnugot) *Voluntarism in Action: Isang Dekada ng Diwang Boluntarismo. Vol. 5*. Maynila: Ugnayan ng Pahinungod Manila, 2003. Nakalimbag.

Acosta, P.S. , A. Baccay, C. Bonilla, J. De Pano, F. Jemena, M.J. Reantaso, at R.N. Suarez, (Mga Patnugot). *Voluntarism in Action: The Next Mile. Vol.6.* Manila: Ugnayan ng Pahinungod Manila, 2005. Nakalimbag.

Aguiling-Dalisay, G., J. Yacat, at A. Navarro, A. *Extending the Self: Volunteering as Pakikipagkapwa*. Quezon City: Center for Leadership, Citizenship and Democracy, National College of Public Administration and Governance, University of the Philippines, 2004. Nakalimbag.

Beasca, J. *Strategic Review of the Volunteer System in the Philippines.* Makati City: United Nations Volunteers, 2004. Nakalimbag.

Carino, L.V. at Aguiling-Dalisay, G.H. Sa *The UP President's End-of-Term Report on Extension, Voluntarism, and Public Affairs: 1993-1999. v. 6*Quezon City: UP. (1999). 3-88. Nakalimbag.

Clemente, A.J. "An Empirical Analysis of Research Trends in the Philippine Journal of Psychology: Implications for Sikolohiyang Pilipino." *Philippine Social Sciences Review,* 63 (1),. (2011). 1-34. Nakalimbag.

Enriquez, V. G. *Mga Batayan ng Sikolohiyang Pilipino sa Kultura at Kasaysayan. General Education Journal. 29*. (1975). 61-88. Nakalimbag.

Enriquez, V.G. *Sikolohiyang Pilipino: Perspektibo at Direksyon. Sa Antonio, L.F. et al (pat). Ulat ng*

*Unang Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino.* Lunsod Quezon: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino. 1976. Nakalimbag.

Enriquez, V.G. "Kapwa: A Core Concept in Filipino Social Psychology." *Philippine Social Sciences and Humanities Review.* 42. (1978). 1-4. Nakalimbag.

Enriquez, V. G. *Indigenous Psychology: A Book of Readings*. Quezon City: Akademya ng Sikolohiyang Pilipino, 1990. Nakalimbag.

Enriquez, V.G. *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1992. Nakalimbag.

Enriquez, V.G. *Pagbabangong-Dangal: Indigenous Psychology and Cultural Empowerment.* Quezon City: Akademya ng Kultura at Sikolohiyang Pilipino, 1994. Nakalimbag.

Fernan, R. L. III "Giving and Volunteering." In L.V. Carino (ed.), *Between the State and the Market: The Nonprofit Sector and Civil Society in the Philippines.* Quezon City: Center for Leadership, Citizenship, and Democracy. University of the Philippines, 2002. Nakalimbag.

Magno, M.T.A. *Volunteerism: The Filipino United Volunteers Experience*. Unpublished Masteral Thesis in Philippine Studies. UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, 1996.

Mendoza, L. "Theoretical Advances in the Discourse of Indigenization." In Navarro, A, and Bolante, F. ( Eds.) *Mga Babasahin sa Agham Panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw.* Quezon City; C & E Publishing, 2007. Nakalimbag.

Pe-Pua, R. (Pat.) . *Ikalimang Kabanata. Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit*. Quezon City: Unang inilathala ng Surian ng Sikolohiyang Pilipino (PPRTH). (1982). 255-322. Nakalimbag.

Santiago, C, at V.G. Enriquez. "Tungo sa Makapilipinong Pananaliksik." Sa Pe-Pua ( pat.) *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit.* Quezon City: UP Press, 1982. Nakalimbag.

Talens, E. Sa *The Spirit of Volunteerism. Voluntarism in Action: Isang Dekada ng Diwang Boluntarismo.* Acosta, P.S. , et al ( Mga Pat. , 2003) Vol. 5 Manila: Ugnayan ng Pahinungod Manila. (2003). 53-56). Nakalimbag.

Ugnayan ng Pahinungod Manila, UP Manila Taunang Ulat. Manila: UP Manila, 1999.

Ugnayan ng Pahinungod Manila, UP Manila. Taunang Ulat. Manila: UP Manila. 2000.

Ugnayan ng Pahinungod Manila, UP Manila. Taunang Ulat. Manila: UP Manila, 2001.

Ugnayan ng Pahinungod Manila, UP Manila.Taunang Ulat. Manila: UP Manila, 2002.

Ugnayan ng Pahinungod Manila, UP Manila. Taunang Ulat. Manila: UP Manila, 2003.

Ugnayan ng Pahinungod Manila, UP Manila. Taunang Ulat. Manila: UP Manila, 2004.

Ugnayan ng Pahinungod Manila, UP Manila. Taunang Ulat. Manila: UP Manila, 2005.

Ugnayan ng Pahinungod System. Taunang Ulat. Quezon City: University of the Philippines, 1995. Nakalimbag.

Ugnayan ng Pahinungod System. Pahinungod Through The Years.Quezon City: University of the Philippines, 2000. Nakalimbag.

Vidal, L. *Pagkatao ng NGO Workers: Isang Proseso ng Pagsilip sa Kaso ng OSCI Batch ’86.* Unpublished Masteral Thesis in Philippine Studies. UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, 1996.